# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

# Yunit II

# Modyul Blg. 7

# Ako ang Iyong Konsensya

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Kumusta ng muli mag-aaral? Bilang paghahanda, basahin ang isang saknong ng tula at tuklasin ang susunod na aralin.

Kapag tiningnan ang sarili sa salamin,
Nakikilala ang anyo sa unang tingin,
Subalit kung susuriin, makikita sa paningin
At sa iyong sarili ay may aaminin

Ikaw, higit kanino pa man
Bumubulong at nagsasabing ikaw lamang
Nakakaalam ng buong katotohanan
Ang konsensyang lihim mo ang siyang laman

Ang tao ay isang misteryo, tanging ikaw lamang ang maaaring makapagbunyag ng iyong sarili sa ibang nilalang. Subalit dahil sa konsensya, naipahahayag ang katotohanan. Ang mga mata raw ang bintana ng ating kaluluwa. Dito ay naaaninag ang nilalaman ng ating puso at damdamin. Pansinin ang taong may itinatagong kasinungalingan, asahan mong sa iyong mata ay hindi makatingin.

Marahil ay nagaganyak ka ng malaman ang aralin sa modyul na ito. Kung ganoon, umpisahan sa pamamagitan ng pagiging tapat sa iyong sarili upang higit mong matutuhan ang nilalaman ng bawat gawain.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*Nasusuri ang kawastuhan ng intensiyon, kilos at pasya ayon sa konsensiya (LC 2.5)*

A. Naipaliliwanag ang kahulugan ng konsensiya

B. Natutukoy ang kaugnayan ng konsensiya sa tamang intensyon, kilos at pasya
C. Nakagagawa ng paraan upang maitama ang mga maling intensyon, kilos at pasya.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang tikitk na may tamang sagot.

1. Nais ni Maria na makatapos ng pag-aaral kaya siya ay pumasok sa isang bahay aliwan. Kaya nagtatrabaho siya sa gabi at nag-aaral sa araw. Mula sa ginawa ni Maria, masasabing:
   a. Tama ang kanyang pasya subalit mali ang kanyang kilos.
   b. Tama ang kanyang intensyon subalit mali ang kanyang pasya.
   c. Mali ang kanyang intensyon subalit tama ang kanyang pasya
   d. Mali ang kanyang kilos at tama ang kanyang intensyon

2. Sumali si Jenny sa paligsahan sa pagkanta upang mas maging sikat siya kaysa sa kanyang kapitbahay na mas maganda sa kanya.
   a. Tama ang kanyang pasya subalit mali ang kanyang kilos.
   b. Tama ang kanyang intensyon subalit mali ang kanyang pasya.
   c. Mali ang kanyang intensyon kahit tama ang kanyang kilos
   d. Mali ang kanyang intensyon at mali ang kanyang kilos.

3. Ang ibig sabihin ng pahayag na : “The end does not justify the means” ay:
   a. Ang kilos ay mabuti dahil mabuti ang dahilan.
   b. Kung mabuti ang layunin kahit masama ang kilos ay nagiging tama na rin.
   c. Ang kabutihan ng layunin ay hindi makapagtatama ng maling kilos.
   d. Kung hindi mabuti ang kilos, hindi rin mabuti ang pasya.


4. Ayon sa uri ng konsensiy, ito ay ang paghuhusga sa kilos na naaayon sa batas moral.
   a. tamang konsensiya
   b. maling konsensiya
   c. tiyak na konsensiya
   d. di-tiyak na konsensiya

5. .Ang konsensiya ay nangangahulugan ng paglilitis sa sarili. Ang ibig sabihin nito ay:
    a. bahala ang tao sa kanyang kilos.
    b. pag-aralan, unawain at hatulan ang sariling kilos.
    c. obligasyon ng tao na kumilos nang maayos.
    d. makabubuti sa tao na kumilos nang tama.

B. Kilalanin sa larawan ang kilos na nagpapakita ng wastong intensyon at pasya. Lagyan ito ng tsek (✓) sa larawan. Lagyan ng (×) kung hindi ito nagpapakita ng wastong intensyon at pasya. Ipagliwanag kung bakit.

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Pakikipag-away  | |
| | 2. Pagkagalit ng walang dahilan  | |
| | 3. Paggawa ng tsismis  | |

| | |
|---|---|
| ☐ 4. Pagtulong sa magulang  | ______________________ |

| | |
|---|---|
| ☐ 5. Pag-aalala sa may kapansanan  | ______________________ |

## B. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Ang konsensya ay isang praktikal at moral na paghuhusga ng isip (intellect) batay sa kung tama o mali ang ikinilos. Ito ang paglalapat ng batas unibersal sa partikular na sitwasyon. Ito din ay tumutukoy sa kung paano ginagamit ang kaalaman sa batas moral, paggamit ng isip, sinasabi at pagkilos na maaaring bago o pagkatapos itong naisip, nasabi o nagawa.

Sa gawaing ito, matututuhan mo pa ang aktuwal na kahulugan ng paksa. Basahin ang sumusunod na dayalogo.

| Ako Ang Iyong Konsensya<br>Sa isang panayam ng taga-ulat ng radyo sa himpilan ng pulisya. | |
|---|---|
| Ginoong Santos, ano po ang nag-udyok sa personal na pagsuko ninyo sa maykapang-yarihan<br><br>Lubha na kasi akong binabaga-bag ng aking konsensiya. | Paano po ninyo nasabing binabaga-bag kayo ng iyong konsensiya?<br><br>Lagi akong balisa at takot. Hindi na rin ako makatulog. |
| Ang ibig sabihin ay hindi kayo matahimik?<br><br>Inuusig ako ng aking budhi pagpatay ko sa aking asawa. | Bakit ninyo po nagawa ang krimen na ito?<br><br>Dahil sa matinding selos. Pinagsisihan ko ang aking ginawa. |

## Sagutin Mo

1. Ano ang nahinuhang kahulugan ng konsensiya mula sa nabasa?
2. Bakit binabagabag ng kanyang konsensiya ang gumawa ng krimen?
3. Bakit hindi maaaring itago ang anumang ginawang mali ng tao?

## Gawain Blg. 2

Panuto: Tukuyin kung mali ang kilos, pasya o intensyon. Ipaliwanag ang sagot.

| Intensyon | Kilos | Pasya | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| 1. Gusto ni Rosa na makapasa sa make-up test niya sa Physics. | Tumabi siya sa kaklase niyang marunong ngunit nagkasakit kaya hindi nakakuha ng pagsusulit. | Nagbago ang kanyang isip at pinagbuti na lamang niya pagsagot sa kanyang ikalawang pagsusulit. | ________________ |
| 2. Gusto ni Mario na mapatunayang si Jose ang kumuha ng kanyang wallet. | Kinuha niya ang bag ni Jose habang ito ay nasa kantina | Binuksan niya ang bag at hinalughog ang laman nito. | ________________ |
| 3. Gusto ni Grace na manguna sa klase upang mapatunayang siya ang pinakamagaling na mag-aaral sa lahat. | Hindi siya nagpakopya sa kanyang mga kaklase. | Lagi siyang nag-aaral nang mabuti. | ________________ |
| 4. Gusto ni Mina na sumama sa praktis ng dula-dulaan at manood ng sine. | Sumama siya dahil sinabi niya sa kanyang ina na magpapraktis lamang sila. | Alam niyang hindi siya papayagang manood ng sine kaya hinid niya ito sinabi sa ina kaya ang praktis lang ang kanyang ipinaalam. | ________________ |
| 5. Gusto mong maging malinis ang inyong bakuran. | Itinapon mo sa kapitbahay ang inyong kalat. | Hinintay mong walang dumadaan upang walang makakita sa iyo. | ________________ |

### Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa naging gawain? Bakit?
2. Bakit nararapat na tama ang intensyon, kilos at pasya?
3. Bakit kung minsan, maaaring magbago ang pasya?

### Gawain Blg. 3

Panuto: Magbalik tanaw sa mga nagawang kilos o pasyang mali nitong nakaraang isang linggo. Punan ang tsart sa ibaba.

| Nagawang maling kilos o pasya | Intesyon ng kilos o pasya | Naging damdamin sa naging resulta ng kilos o pasya | Hakbang na dapat gawin upang maitama ang kilos o pasya |
|---|---|---|---|
| | | | |

### Sagutin Mo

1. Ano ang iyong natuklasan sa naging gawain?
2. Ano ang kinalaman ng tamang intensyon sa paggawa ng pasya?
3. Maaari pa bang maiwasto ang pasya? Paano?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Panuto: Tapusin ang mga inumpisahang pangungusap.

1. Mula sa mga naging gawain, nahinuha ko na ang kahulugan ng konsensiya ay ____________________________________________
2. Ang intensyon ay kailangang maging tama upang _______________

   ______________________________________________________

3. Ang maling pasya o kilos ay maaaring maitama sa pamamagitan ng ______________________________

## V. Pagpapatibay

### Ang Kawastuhan ng Intensyon, Kilos at Pasya Ayon sa Konsensiya

Ang salitang konsensiya ay nagmula sa salitang Latin "conscientia" na nangangahulugan ng paglilitis sa sarili. Ito ay ang mga gampaning pag-aralan, unawain at hatulan ang sariling kilos. Ito rin ang nagpapasya at nagsisilbing gabay batay sa prinsipyo ng Batas Moral upang matunton ang kabutihan sa sarili bilang isang tao.

Ang "antecedent" o naunang konsensiya ay pumipigil o di kaya ay sumasang-ayon na isagawa ang kilos. Samantalang ang "consequent" o bunga ng konsensiya ay sumasang-ayon sa tamang naisagawang kilos kaya nagbubunga ng ispiritwal na kaligayahan, at kung mali ang kilos, di-pagsang-ayon kaya nagbubunga ng pagsisisi. Kaya nga, nalalaman ng tao kung mali ang kanyang nagawa kahit na hindi niya ito aminin.

Karagdagan, ang konsensiya ay:

- makapangyarihang tipanan ng Diyos at tao kaugnay sa moral na buhay, dito nakikita ng tao ang Dakilang Lumikha, upang matunton ang katotohanan at ang pagnanasang maisagawa ito dahil sa pag-iibig sa Kanya at sa kapwa
- batayan ng pagsusuri sa kilos ng tao
- sumasaklaw sa pansariling batayan ayon sa katotohanan at katwiran alinsunod sa batas moral
- ang rasyunal at intelektwal na paghusga
- kaloob-looban ng tao na ang Dakilang Lumikha lamang ang nakababatid at kung saan maririnig ang sarili
- praktikal at moral na paghuhusga ng intellect batay sa kung tama o mali ang kilos
- paglalapat ng batas unibersal sa partikular na kilos o sitwasyon.

Ang paghuhusga ng konsensiya para sa kaluluwa ay isang kakaibang boses o sakit na dinadalang kalooban na sumisigaw ng katarungan ng naaayon sa batas ng Lumikha.

Mga Uri ng Konsensiya

1. Tamang konsensiya – ang paghuhusga sa kilos ay naaayon sa batas moral
2. Maling konsensiya – ang paghuhusga sa kilos ay mali dahil ang mga pinagbabatayang prinsipyo ay mali o maling paraan
3. Tiyak na konsensiya – tama ang paghuhusga kaya walang dahilan upang pagdudahan
4. Di-tiyak na konsensiya – ang paghuhusga sa kilos ay maaaring kabaligtaran sa dapat. Ito ay bunga ng kawalan ng takot o ingat na magkamali sa paghusga.

Ang kawastuhan ng intensyon, kilos at pasya ay naaayon sa konsensiya. Kahit tama ang intensyon ngunit mali ang pasya ay hindi sasang-ayon ang konsensiya kung kayat may pagdududa sa kanyang kilos. Kaya nga sinasabing "The end does not justify themeans" na ang ibig sabihin, ang kabutihan ng layunin ay hindi makapagtatama ng maling kilos. Kung sasabihin ng magnanakaw na kaya siya nagnakaw ay para maipakain sa kanyang nagugutom na mga anak, mali pa rin ang kanyang ginawang kilos. At habang ginagawa niya ang maling kilos, naririnig niya ang konsensiya na nagsasabi na ito ay mali kung kaya pilit niyang binibigyan ang kanyang maling kilos ng tamang katwiran.

## VI . Pagnilayan at Isabuhay Mo

A. Mula sa mga naging aralin, ang mga paraan upang mahubog ang mabuting konsensiya ay ang mga sumusunod:

- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________

B. Upang hindi ako magkamali sa aking pasya, nararapat na:

- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________
- ☻ ______________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

C. Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang tikitk na may tamang sagot.

1. Nais ni Maria na makatapos ng pag-aaral kaya siya ay pumasok sa isang bahay aliwan. Kaya nagtatrabaho siya sa gabi at nag-aaral sa araw. Mula sa ginawa ni Maria, masasabing:
    a. Tama ang kanyang pasya subalit mali ang kanyang kilos.
    b. Tama ang kanyang intensyon subalit mali ang kanyang pasya.
    c. Mali ang kanyang intensyon subalit tama ang kanyang pasya
    d. Mali ang kanyang kilos at tama ang kanyang intensyon

2. Sumali si Jenny sa paligsahan sa pagkanta upang mas maging sikat siya kaysa sa kanyang kapitbahay na mas maganda sa kanya.
    a. Tama ang kanyang pasya subalit mali ang kanyang kilos.
    b. Tama ang kanyang intensyon subalit mali ang kanyang pasya.
    c. Mali ang kanyang intensyon kahit tama ang kanyang kilos
    d. Mali ang kanyang intensyon at mali ang kanyang kilos.

3. Ang ibig sabihin ng pahayag na : "The end does not justify the means" ay:
    a. Ang kilos ay mabuti dahil mabuti ang dahilan.
    b. Kung mabuti ang layunin kahit masama ang kilos ay nagiging tama na rin.
    c. Ang kabutihan ng layunin ay hindi makapagtatama ng maling kilos.
    d. Kung hindi mabuti ang kilos, hindi rin mabuti ang pasya.

4. Ayon sa uri ng konsensiy, ito ay ang paghuhusga sa kilos na naaayon sa batas moral.
    a. tamang konsensiya
    b. maling konsensiya
    c. tiyak na konsensiya
    d. di-tiyak na konsensiya

5. Ang konsensiya ay nangangahulugan ng paglilitis sa sarili. Ang ibig sabihin nito ay:

   a. bahala ang tao sa kanyang kilos.
   b. pag-aralan, unawain at hatulan ang sariling kilos.
   c. obligasyon ng tao na kumilos nang maayos.
   d. makabubuti sa tao na kumilos nang tama.

## VIII. Mga Sanggunian


Esteban, E.J. (1990). Education in Values. Manila: Sinagtala Publishers

Kagawaran ng Ekukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). Edukasyon sa Pagpapahalaga IV. Sangguniang Aklat. Pasig City: May-Akda.


## Susi sa Pagwawasto

**Handa Ka Na Ba?**

1. b
2. c
3. c
4. a
5. b

**Gaano Ka Natuto?**

1. b
2. c
3. c
4. a
5. b